THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS
# BALITA

PNP PATROL Plan 2030 · OUR SHARED COMMITMENT

#PNPKAKAMPIMO

PHILIPPINE NATIONAL POLICE · SERVICE HONOR JUSTICE

Volume VI No. 08 * Pebrero 19 - 25, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# CHIEF PNP, BINISITA ANG 2 SURVIVORS NG PNP H125 AIRBUS CRASH INCIDENT





Camp Crame (February 21, 2022) - Kaagad na dinalaw at kinumusta ni Police General Dionardo Carlos ang dalawang (2) survivor ng bumagsak na PNP H125 Airbus na kasalukuyang ginagamot sa PNP General Hospital, Camp Crame nitong hapon ng Pebrero 21, 2022. sundan sa pahina 10

## PUBLIC ANNOUNCEMENT!

PHILIPPINE NATIONAL POLICE · TO SERVE AND PROTECT

**Alert Levels System for COVID-19 in the NCR Alert Level 2**

**Minimal on- site capacity**

( applying work from home and other flexible work arrangements)

Allowed (50% on-site or venue/seating capacity)

**Activities and Establishment**

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## 3 CTG member, boluntaryong sumuko sa 705th MC, RMFB7

sundan sa pahina 10

## 95 CTG members sa Bataan, nagbalik-loob sa gobyerno

sundan sa pahina 11



## PULISYAPEDIA

**Ang tax declaration ba ay maaaring maging proof of ownership?**

Ang tax declaration ay isang dokumentong nagpapatunay na ang taong nakapangalang owner dito ay nagbabayad ng buwis sa lokal na pamahalaan. Ngunit kung tax declaration lamang ang pinanghahawakan ng isang ito, hindi ito conclusive o tiyak na ebidensya na pagmamay-ari ng tao ang nasabing lupa. Hindi ito proof of ownership at hindi ito sapat upang makapagmay-ari ng lupa. Ang Certificate of Title pa rin ang pinakamainam na pruweba ng pagmamay-ari ng isang lupa. Ngunit kung may tax declaration ang isang tao at mapatunayan nito na siya ang aktwal. na nakatira sa nasabing lupa, ipinapakita sa madla na siya ang may pagmamay-ari ng nasabing lupa, at hindi nito hinahayaang angkinin ng iba ang nasabing lupa ay maaari itong maituring na pruweba ng pagmamay-ari.

## JOINT TASK FORCE CV SHIELD

COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
09175382495
SMART
09988490013
LANDLINE
(02)87253176
E-MAIL
ncovmonitoring@gmail.com




#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

@pnp.pio · @pnppio · @pnp_pio · PNP PIO · www.pnp.gov.ph

## E - SUMBONG

*e - SUMBONG SMS Hotline*

SMART : 0919 1601 752

GLOBE : 0917 8475 757

Email :
e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page :
facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal :
https://e-sumbong.pnp.gov.ph

# "Adopt a Family" program, isinagawa ng Nueva Vizcaya PNP



**Alfonso Castañeda, Nueva Vizcaya (February 21, 2022) – Nagpaabot ng tulong ang mga kapulisan ng Nueva Vizcaya para sa mga Vizcayano na kapos sa buhay sa Brgy. Pelaway, Alfonso Castañeda, Nueva Vizcaya noong ika-21 ng Pebrero 2022.**

Malugod na tinanggap ng mag-asawang Jeffry Ripuya, 36 taong gulang at Marcela Ripuya, 35 taong gulang kasama ang kanilang apat na anak ang mga ibinigay na pagkain ng mga kapulisan.

Nag-ambagan ang mga tauhan ng 2nd Maneuver Force Platoon, 2nd Nueva Vizcaya Provincial Mobile Force Company (PMFC) sa ilalim ng pangangasiwa ni Police Lieutenant Manuel Medina Jr. upang makapagbahagi ng tulong sa pamilya Ripuya.

Alinsunod ang aktibidad sa "Adopt a Family" program ng Pambansang Pulisya at naaayon sa PNP Core Value na "Makatao".

Isa itong patunay na ang kapulisan ay gagawin ang lahat upang makatulong at makapagpasaya sa ating mga kababayan. *(Panulat ni Patrolwoman Juliet Dayag, RPCADU2)*

# Blood Letting Activity, inilunsad ng PRO6




Camp Delgado, Iloilo City (February 22, 2022) — Nakakolekta ng kabuuang 18,450 CC ng donated blood ang Police Regional Office 6 sa isinagawang Blood Letting Activity noong Pebrero 22, 2022 sa PRO6 Multi-Purpose Hall, Camp Martin Teofilo B Delgado, Iloilo City.

Nasa 41 PNP personnel ang boluntaryo at matagumpay na nagdonate sa naturang aktibidad, katuwang ang Western Visayas Medical Center Regional Blood Bank Center (WVMCRBBC) Team sa pangunguna ni Doctor Ellen Grace B. Solatorio, Pathology President, Western Visayas Blood Bank.

Ang aktibidad na ito ay upang suportahan ang Blood Assurance Program ng Western Visayas Medical Center, Regional Blood Bank Center para mapanatili ang availability ng mga dugo sa mga nangangailangan lalo na sa panahon ng pandemya.

Nagpasalamat naman si Police Brigadier General Flynn Dongbo, Regional Director, PRO6 sa WVMCRBBC at sa Regional Medical and Dental Unit 6 sa inisyatibo nito upang maging matagumpay ang aktibidad, at sa mga donors sa kanilang bukas palad na pagtulong.

"This meaningful endeavor truly helps those individuals that need blood daily. This may seem simple to us, but it is a great help to those in dire need," dagdag pa ni PBGen Dongbo. *(Panulat ni Patrolman Kher D Bargamento)*

# 105 TESDA Iskolar ng R-PSB, nagtapos ng Bread and Pastry NCII sa Davao del Sur



**Davao del Sur (February 22, 2022) - Matagumpay na nagtapos ang 105 TESDA iskolar ng Revitalized-Pulis sa Barangay (R-PSB) ng Bread and Pastry Production NCII sa ilalim ng programang Special Training for Employment Program (STEP) ng TESDA sa Brgy. Darapuay, Bansalan, Davao del Sur noong Pebrero 22, 2022.**

Pinangunahan ni PLtCol Venus Ortuyo, Deputy Provincial Director for Operation, kinatawan ni PCol Giuseppe Geralde, Provincial Director, Davao del Sur Police Provincial Office ang closing ceremony.

Kasama sa nasabing programa si PLtCol Imelda Bernasor, Deputy Provincial Director for Administration at mula naman sa Lokal na Pamahalaan ng Davao del Sur ay si Gov. Marc Douglas Cagas IV, ang panauhing pandangal ng programa na kinatawan naman ni Mr. Irick Gabon, Mayor Quirina Sarte at si Adjutor Candones, Brgy. Captain.

Kabilang sa mga dumalo mula sa TESDA ay sina Mr. Fausto Borrete Jr., Head, Provincial Training Center of Davao del Sur; Ms Grace D. Florentino, National Trade School Padada; Liezle D Mahinay, MBA; at mga kasamahan nito sa Training Institute at TESDA Trainers.

Ang nasabing Training ay naisakatuparan sa tulong ni Congresswoman Mercedes "Didi" Cagas sa pakikipag-ugnayan sa Revitalized-Pulis sa Barangay Team Darapuay sa pamumuno ni PLt Jergie Carumba habang ang Bakery and Pastry Arts Institute naman ang nanguna sa pagsasagawa ng training.

Apat na maikling kurso ang kinuha ng naturang mga iskolar, ito ang Bread and Pastry, Bread Making, Pastry Making at Cake Making na sinimulan noong October 2021 at natapos noong January 27, 2022.

Masayang tinanggap ng mga iskolar ang kanilang Certificates at ilan pa sa mga ito ay nakakuha pa ng mga awards. Kabilang sa mga ito ay ang Ingenious Award, Service Award, Cake Decorator, Promising Baker, Best in Pastry at Best in Bread Making.

Ayon sa report, nasa Php5,000 ang pondo ng programa sa bawat estudyante kaya umabot sa Php525,000 ang kabuuang budget maliban pa dito ang budget na nagamit sa assessment ng programa kung saan lahat ng mga sumailalim dito ay pumasa.

Layunin ng naturang Community Training na mabigyan ng pagkakataong makapag-aral ang mga residenteng nais makasama sa itatayong Cooperative o Livelihood Project para sa kanilang hanapbuhay. *(Panulat ni PCpl Romulo Cleve Ortenero)*

# Chief PNP, binisita ang 2 survivors ng PNP H125 Airbus crash incident




Tiniyak ni General Carlos na sasagutin ang lahat ng medical expenses nina Police Lieutenant Colonel Dexter Vitug, ang piloto ng PNP Chopper at Police Lieutenant Colonel Michael Melloria, ang Co-Pilot.

Ipinaaabot din ni General Carlos ang kanyang pakikiramay sa pamilya ng crew na nasawi na si Patrolman Allen Noel Ona na pumanaw habang ginagamot sa crash site at nangako ng tulong na pinansyal sa mga naulila.

Ayon sa ulat, bandang alas 6:17 ng umaga, Pebrero 21, 2022 nang umalis ang PNP Chopper lulan ang tatlo sa Manila Domestic Airport sa Pasay City papuntang Balesin Airport para sa administrative mission nang magkaroon ng aberya pagsapit sa may bulubunduking bahagi ng Real, Quezon kung saan ay sumadsad nga ito sa Brgy. Pandan ng naturang bayan.

Sa ngayon ay patuloy ang imbestigasyon ng Real Municipal Police Station sa posibleng sanhi ng naturang insidente. *(Panulat ni PEMS Elvis C Arellano)*

## Top 1 Most Wanted Person ng Pangasinan, arestado sa Quezon City



**Quezon City (February 19, 2022) - Arestado ang Top 1 Most Wanted Person ng Pangasinan sa Manhunt Operation ng mga kapulisan ng Quezon City Police District (QCPD) sa 1933 Kapalaran Street, Brgy. Commonwealth, Quezon City noong Pebrero 19, 2022.**

Kinilala ang suspek na si Alfredo Ocampo y Ramos, 62 taong gulang at nakatira sa nasabing lugar.

Inaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu ni Hon. Avelina Jimenez Villegas Rosario, Assisting Judge Branch 68, Regional Trial Court, First Judicial Region, Lingayen Pangasinan para sa krimeng panggagahasa sa ilalim ng Art. 266 RPC na may Criminal Case No. L-13828, L-13829 at walang inirekomendang piyansa.

Ang suspek ay dinala sa himpilan ng pulisya habang hinihintay ang paglalabas ng commitment order at pagbabalik ng Warrant of Arrest sa court of origin.

Samantala, pinuri ni Police Major General Vicente Danao, Jr., Regional Director (RD) ng National Capital Region Police Office (NCRPO) ang mga kapulisan ng QCPD sa sipag at dedikasyon sa trabaho kung kaya't matagumpay na nahuli ang nasabing wanted person.

# Php3.5M shabu, nakumpiska; 1 lalaki, arestado




**Quezon City (February 21, 2022) – Naaresto ang isang (1) lalaki sa pinagsamang Anti-Illegal Drug Buy-Bust Operation sa #612 Quirino Highway, Brgy. Bagbag, Quezon City bandang 10:15 PM noong Pebrero 21, 2022.**

Ang operasyon ay isinagawa sa panguguna ng Philippine Drug Enforcement Agency– Quezon City (PDEA QC) at pinagsanib pwersa ng Philippine Drug Enforcement Agency Regional Office-National Capital Region Southern District Office (PDEA RO-NCR SDO), Philippine Drug Enforcement Agency Regional Office-National Capital Region Regional Special Enforcement Team (PDEA RO-NCR RSET), Philippine Drug Enforcement Agency Regional Office-NCR Quezon City District Office (PDEA RO-NCR QCDO), Task Force Noah, Selective Identification Feature Armed Forces of the Philippines (SIF AFP), Regional Intelligence Division (RID) NCRPO, at Station Drug Enforcement Unit (SDEU) ng Police Station 3 - Talipapa, Quezon City Police District (QCPD).

Kinilala ang suspek na si Muslimin Mantil y Kasim, 28 taong gulang, lalaki, Pilipino, may asawa at residente ng Poblacion, Talitay, Maguindanao.

Ang nakumpiska sa suspek ay mahigit-kumulang 550 gramo ng hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng Php3,575,000, buy-bust money na binubuo ng isang tunay na Php1000 bill bukod pa sa ilang boodle money at isang (1) asul na Motorola phone.

Dinala sa PDEA-QC ang naarestong suspek at mga nakuhang ebidensya para sa kaukulang dokumentasyon at nakabinbing pagsasampa ng kasong paglabag sa RA 9165 o mas kilala sa tawag na "Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002".

Samantala, pinuri ni Police Major General Vincente Danao, Jr., Regional Director ng NCRPO ang mga nabanggit na operatiba sa kanilang pagsikap at tagumpay na pagsagawa ng buy-bust operation na humantong sa pagkaaresto sa suspek.

Gayundin, hinikayat ni PMGen Danao, Jr. ang mga kapulisan na tulung-tulong na puksain ang ilegal na kalakalan ng droga, maliit man o malaking transaksiyon na gagawin. *(Panulat ni PSSg Remelin M Gargantos, RPCADU NCR)*

# PNP CHIEF @ UR SERBIS



Ni PGen Dionardo B Carlos

## Ligtas at Mapayapang Halalan sa bansa

Habang papalapit nang papalapit ang halalan ay mas lalong pinaiigting ng ating hanay ang pagbabantay sa kaayusan at seguridad upang matiyak na magiging ligtas at mapayapa ang pagsasawa nito sa darating na Mayo sa ating bansa.

Kaugnay nito ay muli nating pinaalalahanan ang mga kandidato, tagasuporta at ang publiko na maging mahinahon at disiplinado sa pagsasagawa ng pangangampanya at ibang aktibidad na may kauganay sa eleksyon sa bansa.

Pinakikiusapan natin ang lahat na sumunod sa mga panuntunan at alituntunin sa pangangampanya na itinakda ng Commission on Elections o COMELEC. Kabilang dito ang pagsunod sa COMELEC Resolution No. 10732 patungkol sa panahon ng pangangampanya para sa mga pambansang kandidato na nagsimula noong Pebrero 8, 2022 at sa Marso 25 naman para sa lokal na kandidato.

Muli natin ipinaalala na nakasaad sa panuntunang ito ang "new normal" na pagsasagawa ng mga pisikal na pangangampanya, pagsasagawa ng rally, pagpupulong, at iba pang kaugnay na mga aktibidad na sumunod sa minimum public safety protocols na itinakda ng Department of Health o DOH.

Ipinagbabawal ang pagpasok sa mga pribadong tirahan para sa pangangampanya sa bahay-bahay kahit na may pahintulot ang may-ari, pagsisiksikan, pakikipagkamay o iba pang anyo ng pisikal na pakikipag-ugnayan.

Mahigpit din ipinagbabawal ang pagkakabit ng mga tarpaulin, poster at ibang election materials sa mga pribadong tanggapan o establisyemento at mga lugar na walang pahintulot ang may-ari.

Samantala, mahigpit din ang ating direktiba sa lahat ng mga pulis manatiling apolitical.

Huwag na huwag makikisawsaw o magpapakita ng pagsuporta sa isang partido o kandidato para maiwasan ang problema. Manatiling patas at may mataas na respeto sa bawat isa, mapakandidato man o tagasuporta.

Ipinagbabawal din natin ang pagkakabit ng mga electoral materials sa lahat ng tanggapan at pasilidad ng pulisya. Wala dapat sinumang kandidato at tagasuporta na magkakabit ng mga poster at tarpaulin sa ating mga himpalan.

Kasama rin dito ang paalala sa ating mga kababayan na huwag makipag-away o gumawa nang hindi maganda laban sa mga kandidato at tagasuporta maging sa social media. Alam natin na mayroon kayong kanya-kanyang sinusuportahang kandidato pero hindi naman tama na mag-aaway tayo at nagtatakutan. Kailangan nating magrespetuhan at igalang ang opinyon ng bawat isa.

Maging mapagmatyag at tumulong din tayo sa pag-uulat sa mga lumalabag sa mga alituntunin ng pangangampanya. Lubhang mahalaga ang pakikipagtulungan at pakikiisa ng bawat isa para matiyak natin na maging maayos, ligtas at mapayapa ang Halalan sa ating bansa.

# EDITORYAL

## Imbestigasyon sa mga nawawalang sabungero, masinsinan

Patuloy parin ang isinasagawang masinsinang imbestigasyon ng pambansang pulisya ukol sa pagkawala ng higit tatlumpung katao na hinhinalang may kaugnayan sa e-sabong.

Matatandaang ngayong linggo ay dumulog na sa senado ang mga kaanak ng mga biktima upang malinawan kung may koneksiyon ba ang online na sugal sa kanilang pagkawala.

Kaugnay nga nito, meron nang hawak na mga bagong testigo ang pambansang pulisya na inaasahang makakapagbigay linaw sa kaso ng mga nawawalang biktima. Pinalalawak pa lalo ng mga kapulisan ang imbestigasyon upang makakuha ng lead sa kinaroroonan ng mga biktima.

Aasahan ng publiko na hindi titigil ang pambansang pulisya sa paghahanap sa ating mga nawawalang kababayan at lalo pang paiigtingin at papalawakin ang imbestigasyon upang matukoy ang puno't dulo ng pagkawala nila.

Sinisiguro ng pambansang pulisya ang paggulong ng patas at walang kinikilingang imbestigasyon at mananagot ang mga dapat managot. Hindi kikiling ang pambansang pulisya sa kahit na sinuman kahit sino pa ang mapapatunayang may sala kabaro man ito, ordinaryongt tao o malaking tao man.

Kasabay nga ng mahigpit na direktiba ng pinuno ng pambansang pulisya sa agarang paglutas sa krimeng ito, mahigpit niya ring binalaan ang mga pulis na huwag maglaro ng online na larong sabong matapos may mga pulis na nasampahan ng kasong administratibo dahil sa mga reklamo kaugnay ng e-sabong.

Walang puwang sa organisasyon ang iligal na pagsusugal. Nakakalungkot man na may mga nakakasuhan hinggil sa kanilang pagkakasangkot sa e-sabong, ngunit kailangan nilang harapin ang kahihinatnan ng kanilang mga aksyon, anuman ang kanilang ranggo.

Hinihingi naman natin ang tulong at kooperasyon ng ating mga kababayan lalo na sa mga nakasaksi sa mga pangyayaring pagkawala nitong mga biktima na kung maaari ay dumulog sa ating pambansang pulisya. Malaking tulong para sa paglutas sa kasong ito ang anumang isisiwalat ninyo.

Paalala din ng pambansang pulisya na sa sugal walang panalo at ang pagkakalulong sa bisyong ito ay tiyak na ikalulugmok at ikasisira ng kinabukasan ng sinumang malulong dito.

Magtulungan tayo para mahanap ang mga kaawa-awang mga biktima kagaya rin ng pagtutulungan upang iwaksi at matigil na ang masamang bisyong ito na nagdudulot ng trahedya.




# THE PNP CORRESPONDENT

Ni: PEMS Eric B. Fernandez

## PNP Chief PGen Dionardo Carlos, mangunguna sa "10th AKG Founding Anniversary" sa Kampo Crame

Mangunguna si PNP Chief, PGen Dionardo Bernardo Carlos bilang Guest of Honor and Speaker sa "10th Anti-Kidnapping Group (AKG) Founding Anniversary" na gaganapin sa PNP Multi-Purpose Center sa Camp BGen Rafael Crame, Quezon City.

Ayon kay AKG Director, PBGen Rudolph B Dimas, tema anya sa kanilang pagdiriwang ngayong taon ay "AKG's Decade of Dedicated Public Service and Commitment, a Continuing Legacy for a Secured Community" na kung saan ay highlights din sa nasabing pagdiriwang ay ang pagbibigay ng pagkilala at parangal sa mga pulis na nagpamalas ng kanilang magagandang accomplishments hindi lamang sa AKG kundi maging sa Pambansang Pulisya sa pangkalahatan.

Kabilang sa mga tatanggap ng parangal sa pamamagitan ng Individual Awards Category ay sina: PCol Renato Ocampo bilang Best Senior PCO of the Year; PMaj Ryan Jay Capurcos bilang Best Junior PNCO of the Year; PCMS Reynante Manalo bilang Best Senior PNCO of the Year; at si PSSg Jose Cristobal Ostria bilang Best Junior PNCO of the Year. Habang wagi naman ang Visayas Field Unit bilang Best Performing Unit in the Field of Manhunt and Confiscation of Loose Firearms.

Sa Special Awards Category naman ay tatanggap din ng parangal sina: PMAJ Vicky Pabula; PCpt Benito Peralta Jr.; PMaj Mario Formento; PLTCOL Jaymar Marbella; PMaj Eleonor Villaruz; PMaj Cesar Nunez Jr.; PMAJ Mark Anthony Sarno; PLt Zosimo Ravanes Jr.; PCMS Ambrocio Balubal; PMSg Clodie Bequilla; PMSg Jonathan Os-osa; PCMS Bernison Marrero; PSSg Ladilyn Cherwaken; PSSg Roselie Garciano; PMSg Michael Natividad; at si PMSg Jonard Cumahig. Bilang pagkilala naman sa mga naging tulong at kontribusyon ng mga grupo at mga indibidwal ay tatanggap din ang ating mga Stakeholders sa pamamagitan ng Civilian Awards Category: Federation of Filipino Chinese Chamber of Commerce and Industry Incorporated (FFCCCII); Movement for Restoration of Peace and Order (MRPO); Atty. Benedicto Malcontento, Prosecutor General, National Prosecution Service; Atty. Joselito Frial, Legal Consultant; Prof. Liana Barro, Chairman, AKG Advisory Council; at si PCol Cesar Paday-os, Chief of Police, Pasay City.

Binabati at pinasasalamatan naman ni PNP Chief, PGen Dionardo Carlos ang AKG sa pamumuno ni PBGen Dimas dahil sa kanilang mga kontribusyon sa Pambansang Pulisya mula noon hanggang ngayon o halos sampung taon na ang nakararaan. Pinuri din niya ang mahalagang-ginagampanang papel at mandato ng AKG sa Pambansang Pulisya lalo na sa mga pangunguna at pagsasagawa nito ng mga police operations and investigations sa mga kidnapping situations and incidents sa bansa.

# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN WALTER E CASTILLEJOS**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL DAINES O. AMUGUIS**

*Managing Editors*
**PLTCOL CHRISTINE R BAGUNDOL**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Title Title Title Title Title Title Title

Text

## 2 Holdapers, arestado ng Marikina PNP

**Marikina City (February 22, 2022) – Naaresto ng Marikina City Police Station (CPS) ang dalawang (2) holdaper matapos i-hold-up ang isang tindahan at tirahan sa Marikina at San Mateo, Rizal noong Pebrero 22, 2022.**

Kinilala ang mga suspek na sina Deus Guevarra, 22 taong gulang at Tonet Cruz, 26 taong gulang na pawang mga residente ng Purok 5 Brgy. Cupang, Antipolo City.

Isa sa biktima ng mga suspek ay ang tauhan ng isang tindahan sa A. Bonifacio Ave., Tañong, Marikina City. Nakuha sa biktima ang kanyang wallet na naglalaman ng mga personal ID, pera, susi ng motorsiklo at mga electronic gadget na nagkakahalaga ng Php32,500.

Isa pang biktima ay residente ng No. 83 A. Bonifacio Ave., Barangka, Marikina City. Nakuha naman sa biktima ang pera na nagkakahalaga ng Php87,000 at mga smartphones.

Ayon sa ulat, isang confidential informant ang nagreport ng kinaroroonan ng mga suspek sa Marikina PNP.

Ang mga suspek ay nasa kustodiya na ng Marikina CPS detention facility habang inihahanda ang mga kaukulang papeles sa ginawang krimen.

Naging matagumpay ang pag-aresto sa dalawang suspek dahil sa isinagawang follow-up investigation ng mga tauhan ng Police Sub-Station 2 sa pangunguna ni PLt Erickson Balte at mga operatiba mula sa Follow-up unit sa pangunguna ni PLt Michael Mase sa ilalim ng pangangasiwa ng PCol Benliner L Capili, Chief of Police.

Patunay ito na ang ating mga kapulisan ay masigasig sa paghuli ng mga nagkasala sa batas upang mabawasan ang kriminalidad at mapanatili ang kaayusan at kapayapaan sa komunidad na ating ginagalawan. *(Panulat ni Patrolwoman Nica V Segaya, RPCADU NCR)*

## Dating pulis na illegal recruiter, timbog sa Cagayan de Oro City


**Cagayan de Oro City (Pebrero 24, 2022) – Arestado ang isang illegal recruiter sa ikinasang entrapment operation ng Police Station 4, Carmen at Office of the Deputy City Police Director for Operation matapos itong mangikil sa mga nag-aapply bilang non-uniformed personnel sa Don Apolinar Velez St,. Brgy. 14, Cagayan de Oro City noong Pebrero 24, 2022.**

Kinilala ang suspek na si Sherilou Licayan, isang dating pulis at nag-awol sa serbisyo.

Ayon kay Police Major Mario Mantala, hepe ng Police Station 4, Carmen ay mayroong tatlong (3) bagong aplikanteng nabiktima ang suspek at bawat isang aplikante ay nagbayad sa suspek ng Php240,000.

Nagpakilala ang suspek na may koneksyon sa Police Regional Office 10 at nangako sa mga biktima na ipapasok sila bilang non-uniformed personnel kapalit ang malaking halaga.

Kasalukuyang nakakulong ang suspek sa Police Station 4 at sasampahan ng kasong Swindling at Usurpation of Authority ng Article 177 ng Revise Penal Code. *(Panulat ni Patrolman Joshua C Fajardo – RPCADU 10)*



# Pamilyang Anduaw, nahandugan ng bagong bahay mula sa Davao Del Norte PNP




**Davao Del Norte (February 23, 2022) – Umaapaw na kaligayahan ang nadama ng matandang mag-asawa nang tanggapin ang bagong tayong bahay na ipinagkaloob sa kanila ng Revitalized-Pulis sa Barangay Sito Nasilaban sa Purok 11, Sitio Banowalay, Brgy. Palma Gil, Talaingod, Davao del Norte.**

Sa ilalim ng programang "Project Silong: Munting Bahay na Alay ng R-PSB" ng R-PSB Team Sitio Nasilaban, sa pamumuno ni PLt Roland Rubion at sa tulong ng Talaingod Municipal Police Station ay naging matagumpay ang Turn-over Ceremony ng nasabing Quick Impact Project (QIP) kung saan lubusan ang naging pasasalamat ng mag-asawang sina Tatay Macario at Nanay Salominda Anduaw kasama ang dalawa nitong anak.

Ang mag-asawang Anduaw ang napiling maging benepisyaryo ng nasabing QIP sapagkat batid ng R-PSB ang kanilang dinaranas na hirap sa buhay kung saan sila ay umaasa lamang sa maliit na suporta ng dalawang anak nito na kasa-kasama at tumutulong sa R-PSB Team Nasilaban at 56IB, PA.

Ang nasabing aktibidad ay dinaluhan at sinaksihan ni PLtCol Julius Borja, DPDO; R-PSB Supervisor; Datu Kominding Federico, Tribal Datu of Sitio Banowalay at mga residente ng Sitio Banowalay at Nasilaban.

Sa naging mensahe ni PltCol Borja, pinuri nito ang R-PSB Team Nasilaban sa matagumpay na QIP, at pinasalamatan ang suporta ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at hinikayat ang lahat ng residente na suportahan ang lahat ng mga proyektong pangkabuhayan at kampanya laban sa insurhensya ng pamahalaan upang makamit ang matatag na kapayapaan at kaayusan para sa pangmatagalang pag-unlad ng komunidad. *(Panulat ni Patrolman Rhod Evan Andrade)*







# PWD na lolong na-stranded, tinulungan ng Dulag PNP







**Dulag, Leyte (February 22, 2022) – Nagpasalamat ang isang lolo na na-stranded matapos matulungan ng Dulag Municipal Police Station noong Pebrero 22, 2022 sa bayan ng Dulag, Leyte.**

Si lolo Santiago Magalso Lado Jr. ay may kapansanan at galing sa Maynila. Patungo sana siya sa kanyang tahanan sa Zamboanga City ngunit ibinaba siya ng bus sa Dulag, Leyte dahil kulang ang kanyang pamasahe.

Masuwerte siyang may isang butihing Samaritang tricycle driver ang lumapit sa kanya at sinamahan siya sa Dulag MPS para humingi ng tulong.

Hindi naman binigo ng mga pulis ang tricycle driver at agad silang nakipag-ugnayan sa Municipal Social Welfare Development na nagbigay naman ng cash assistance kay Lolo para sa kanyang pamasahe at baon.

Sa pag-alis ni lolo Santiago, baon nya ay ngiti at galak sa kanyang puso sa maayos na pagtulong sa kanya ng pulis at LGU. *(Panulat ni Patrolman Rialyn B Valdez)*

# Project Ronda B.I.S.I.K.L.E.T.A., inilunsad ng Isabela PNP

**San Manuel, Isabela (February 23, 2022) – Matagumpay na nailunsad ang Project Ronda B.I.S.I.K.L.E.T.A (Barangay, Iba't-Ibang Ahensya, Simbahan, Industriya, Kalye, Likod-Bahay, Eskwelahan, Tahanan at Kabataan) ng San Manuel Police Station (PS), San Manuel, Isabela noong Pebrero 23, 2022.**

Sinimulan ang aktibidad sa isang programa na pinangunahan ni Police Major Sunny Longboy, Officer-in-Charge ng San Manuel PS sa ilalim ng liderato ni Police Colonel Julio Go, Acting Provincial Director ng Isabela Provincial Police Office (PPO) kasabay ang "Blessing of the Bicycles" mula kay Pastor Mark Anthony Agno na dinaluhan din ni Hon. Manuel Faustino Dy bilang pakikiisa nito.

Naging posible ang nasabing proyekto sa pakikipagtulungan ng lokal na pamahalaan na nilahukan ng iba't ibang grupo tulad MLGOO, San Manuel bikers, MAO at Kabataan Kontra Droga at Terorismo (KKDAT).

Umabot nman sa 104 bikers ang nakilahok mula sa iba't ibang barangay at grupo ng mga biker's club sa munisipalidad na nagsimulang maglakbay kasama mismo si PCol Go mula Brgy. Sta Cruz patungo Sitio Mananao, Brgy. District 1 San Manuel, Isabela kung saan dinaos ang pangalawang yugto ng aktibidad.

Samantala, nagsagawa rin ng community outreach program sa pamamagitan ng pamamahagi ng mga gulay, relief goods, project C.H.I.C.K.E.N., project BUKLAT-MULAT, project H.E.A.L. at feeding program.

Umabot sa 160 benepisyaryo (30 mga bata, 100 na matatanda at 30 housewife) ang nahatiran ng tulong mula sa nasabing proyekto.

Layunin ng proyektong ito na mas mapalapit pa ang ugnayan sa komunidad at mapaigting ang pagsugpo sa mga krimen tungo sa kaligtasan ng publiko sa pamamagitan ng pagbibisita, pamamahagi ng food packs, mga lectures at diyalogo, pamamahagi ng IEC materials, programang kalinisan at programa sa pagtatanim ng puno o gulay. Gayundin, isinusulong ang magandang benepisyo ng pagbibisikleta sa kalusugan.

Ang inisyatibo na ito ay alinsunod sa Lingkod Bayanihan Program na nagsusumikap na mailapit ang mga pangunahing serbisyo ng gobyerno sa mga mamamayan ng Rehiyon Dos. *(Panulat ni PCpl Jermae D Javier, RPCADU 2)*








# Sarangani Cops, nagsagawa ng community visitation gamit ang bisikleta

**Lun Padidu, Malapatan Sarangani (February 24, 2022) - Nagsagawa ang Sarangani Police Provincial Office ng community visitation sa ilalim ng programang "Pulis at Mamamayan Damayan sa Yaman at Kaunlaran" o PADYAK sa kanilang nasasakupan noong Pebrero 24, 2022.**


Gamit ang bisikleta, pinangunahan ni PCol Nicomedes Olaivar Jr, Provincial Director ang nasabing aktibidad kasama ang mga Staff Officers, PNCOs, NUPs, mga tauhan ng 1st Sarangani PMFC sa pangunguna ni PLtCol Benjiel Kirby Bajo, Malapatan Municipal Police Station at mga siklista mula sa Malapatan.


Sa programang ito, sila ay namahagi ng face mask, nagsagawa ng information drive patungkol sa batas at usapin ng RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002, EO 70 (ELCAC), RA 9262 o Anti-Violence Against Women and Their Children Act of 2004, RA 7610 o Special Protection of Children Against Abuse, Exploitation and Discrimination Act, at RA 11596 o Prohibition of Child Marriage Law, na lahat ay malaking tulong upang mabigyan ng panibagong kaalaman ang bawat residente.


Hinikayat din ni PCol Olaivar Jr. ang mga residente na suportahan ang vaccination program ng gobyerno at ang lahat ng programa ng kapulisan. *(Panulat ni Patrolman Jerrald R Gallardo)*









# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## Kapakanan at Kaligtasan ng Kapwa ang Mahalaga

Alas 6:30 nang umaga noon, 14 March 2005, ginulantang ang National Capital Region (NCR) nang pagtatangka ng mga bilanggo sa Metro Manila District Jail sa Camp Bagong Diwa na tumakas sa kanilang piitan. Ang mga kasapi ng kilabot na bandidong grupo na Abu Sayyaf ang namuno sa mga bilanggo sa jailbreak attempt matapos nilang patayin ang ilang jail guards ng Bureau of Jail Management and Penology (BJMP).

Naging malawak na ang media coverage nang nagaganap na panghu-hostage ng grupo ni Galib Andang (aka Kumander Robot). Hinihingi na ng taumbayan ang agarang resolusyon ng Bicutan Crisis.

Bandang umaga ng 15 March 2005 naglunsad ng Rescue Operation ang tropa ng pamahalaan upang wakasan na ang krisis at iligtas ang daan-daang bilanggo na naging hostage ng mga terorista. Ala-1:15 ng hapon, kabilang si PO2 ARREOLA sa mga kasapi ng PNP-SAF na nagsagawa ng clearing operations, tinungo niya ang cell- 23 ng District Jail upang i-clear ang area. Nakita ni ARREOLA ang dalawang Abu Sayyaf na armado ng pistola at nagkakanlong sa Comfort Room ng selda. Pinaputukan ng pulis ang isa sa mga terorista subalit nakipagsabayan din ng putok ang isa sa mga ito.

Tinamaan ng dalawang beses sa katawan ang magiting na pulis subalit kahit na bumagsak na ito sa semento dahil sa tama ng mga bala ay nagawa pa rin niyang gumanti ng putok sa katunggali. Nagawa pang maghagis ng granada ang terorista na bumagsak sa tabi nang naghihingalong pulis. Isang malakas na pagsabog ng granada ang tumapos sa kagitingan ni P02 Arreola.

Ayon sa ilang saksi, kahit na naghihingalo na ay nagpumilit pa rin si PO2 Abel Arreola na maiharang ang kanyang katawan sa granada upang huwag matamaan ng shrapnel ang iba pa niyang kasamahan. Sa huling sandali ng kanyang buhay, kapakanan pa rin ng kanyang kapwa at mga kasamahan ang kanyang isinaalang-alang... isang katangiang pinanday at hinubog ng PNP sa katauhan ni Abel na kanyang yinakap hanggang sa huling hibla ng kanyang hininga.

Matapos ang nasabing krisis, 22 kasapi ng mga teroristang Abu Sayyaf ang na-neutralize, nailigtas naman ng PNP ang humigit kumulang sa 400 inmates samantalang isang magiting na pulis ang nag-alay ng kanyang buhay. Sa ipinamalas niyang kabayanihan, humanga ang sambayanan sa kagitingan ni P02 Abel Arreola, isang tunay na Pulis Ng Pilipino!!

## 2 Drug suspect, arestado; higit php340,000 shabu, nasabat

**Bacolod City (February 22, 2022) - Tiklo ang dalawang (2) lalake sa isinagawang buy-bust operation ng mga operatiba ng Special Operations Unit 6 sa Purok Langis, Barangay Banago, Bacolod City, Negros Occidental dakong alas 7:59 ng gabi nitong February 22, 2022.**

Kinilala ang mga suspek na sina Rogie A Jamelo alias "Jun", 46 taong gulang at Marcelino G Nicavera alias "Junjun", 24 taong gulang.

Tinatayang aabot sa Php340,000 ang halaga ng mga nakumpiskang shabu ng mga awtoridad mula sa naturang mga suspek at kabilang sa nakumpiska ang isang (1) blue green na coin purse at ang mga buy-bust money.

Ang mga naarestong suspek ay nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 at kasalukuyang nasa kustodiya ng Police Station 3, Bacolod CPO para sa mga karagdagang dokumentasyon at sa wastong disposisyon.

Maayos namang naiturn-over ang mga narekober na ebidensya sa Provincial Forensic Group Office para sa forensic examination.

Samantala, kasama sa nasabing operasyon ang Bacolod City Police Office Station 3 Drug Enforcement Team, Bacolod City Drug Enforcement Unit at Bacolod Maritime Police Station.

# Php850k shabu, nakumpiska; 1 lalaki, arestado



**Sta. Cruz, Laguna (February 20, 2022) – Naaresto ang isang (1) lalaki sa isinagawang Search Warrant Operation ng mga kapulisan ng Sta. Cruz Municipal Police Station (MPS) sa Sitio 3, Barangay Alipit, Sta. Cruz, Laguna noong Pebrero 20, 2022.**

Kasama sa operasyon ang 2nd Laguna Provincial Mobile Force Company (PMFC) at Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) ng Laguna kaugnay sa pagpapatupad ng Simultaneous Anti-Criminality and Law Enforcement Operation (SACLEO) ng Pambansang Pulisya.

Kinilala ang naarestong suspek na si Victorino Ricamora Paglinawan, alyas 'Vic', 43 anyos at nanirahan sa nasabing lugar.

Naaresto ang suspek sa bisa ng Search Warrant number 22-3637 at 22-3638 na inilabas ni Hon. Judge Divinagrascia G. Bustos-Ongkengko, Executive Judge, Sta. Cruz, Laguna.

Nakumpiska sa suspek ang pitong (7) pirasong transparent plastic sachets ng hinihinalang shabu na tinatayang nagkakahalaga ng Php850,000, isang (1) caliber 38 revolver na may limang (5) bala, isang (1) pirasong bala na 9 mm, isang (1) pouch, isang (1) belt bag at isang (1) timbangan.

Sinampahan ang suspek sa kasong paglabag sa Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 at Republic Act 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act.

Ang suspek at ang mga nakumpiskang ebidensya ay kasalukuyang nasa kustodiya na ng Sta. Cruz MPS para sa tamang dokumentasyon at disposisyon. *(Panulat ni PEMS Joe Peter V. Cabugon, RPCADU 4A)*

# Top 2 Most Wanted Person sa Pangasinan, arestado Sa Cavite

**Dasmariñas, Cavite (February 20, 2022) - Arestado ang Top 2 Most Wanted Person (MWP) ng Manaoag, Pangasinan sa Barangay Paliparan lll, Dasmariñas, Cavite noong Pebrero 20, 2022.**

Pinangunahan ng Manaoag Police Station (PS) ang operasyon sa direktang pangangasiwa ng kanilang Officer-In-Charge na si Police Major Fernando Fernandez, Jr., Regional Intelligence Division (RID) 1 at ng Dasmariñas City Police Station (CPS).

Kinilala ang suspek na si Arturo Niegos y Corsino, 41 taong gulang, may live-in partner, skilled carpenter at tubong Barangay Lelemaan, Manaoag, Pangasinan at kasalukuyang nakatira sa Barangay Tibed, Silang, Cavite.

Naaresto ang nasabing suspek sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Rape na inilabas ni Hon. Erwin B. Maynigo, Assisting Judge ng Regional Trial Court (RTC), Branch 29 Urdaneta City, Pangasinan noong Agosto 23, 2021 na may Criminal Case Number U-27306 at walang rekomendadong piyansa.

Ang suspek ay binigyan ng atensyong medikal sa Manaoag Community Hospital at kasalukuyang nasa kustodiya ng Manaoag PS para sa pormal na pagdodokumentaryo bago ipresenta sa korte. *(Panulat ni PSSg Vanessa A Natividad, RPCADU1)*




# Top 3 Most Wanted Person sa Ilocos Norte, arestado

**Bacarra, Ilocos Norte (February 21, 2022) – Arestado ang Top 3 Most Wanted Person (Provincial Level) sa ikinasang Manhunt Charlie operation ng mga kapulisan ng Ilocos Norte sa Barangay Pasiocan, Bacarra, Ilocos Norte dakong alas 4:45 ng hapon ng ika-21 ng Pebrero, taong kasalukuyan.**

Pinangunahan ng Bacarra Police Station (PS) ang operasyon sa direktang pangangasiwa ng kanilang Officer-in-Charge na si Police Major Arnel Tabaog kasama ang Provincial Intelligence Unit (PIU), Provincial Investigation and Detective Management Unit (PIDMU) at Criminal Investigation Detective Group (CIDG) Ilocos Norte Police Provincial Office (INPPO).

Kinilala ang suspek na si Novie "Nobie" Gebana Garduque, 39 taong gulang, may asawa, construction worker at kasalukuyang nakatira sa nasabing barangay

Naaresto ang nasabing suspek sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong 3 Counts of Qualified Rape Penalized Under Para. 1 (A) of Art. 266-A in relation to Art. 266-B na inilabas ni Hon. Judge Bohoefer Vergara Bernardez, Regional Trial Court (RTC), Branch 11, Laoag, noong February 4, 2022 na may Criminal Case Numbers 19767, 19768 at 19769 at walang rekomendadong piyansa.

Ang suspek ay nasa kustodiya na ng Bacarra Police Station para sa tamang dokumentasyon at disposisyon. *(Panulat ni PSSg Carmela G Danguecan/RPCADU1)*

# 10 Pulis na suspek sa pagpatay sa Cainta, Rizal, sumuko sa PNP Bicol



**Legazpi City (February 21, 2022) – Sumuko ang 10 sa 21 pulis na sangkot sa kontrobersyal na pagpatay sa dating bodyguard ni Atty. Glenn Chong na si Richard Santillan at Gessamyn "Minmin" Casing noong Disyembre 10, 2018 sa Cainta, Rizal sa Legazpi City Police Station (CPS), Legazpi City bandang 10:30 ng umaga ng Pebrero 21, 2022.**

Kinilala ang mga suspek na sina PSSg Julius S. Villadarez, tubong Quezon City; PSSg Richard J Raagas; PCpl Arthur Gerard R. Ignacio; Pat Napoleon T. Relox; Pat Jordan P. Antonio; Pat Marvin T. Santos, Pat Terry Anthony Alcantara, pawang mga taga Rizal; Pat Efren D. Areola, Jr. at PCpl Merwin C. Macam, residente ng Pangasinan at PCpl Diogenes N. Barramedda Jr., taga Antipolo City.

Ang mga suspek ay dating miyembro ng Highway Patrol Group at Police Regional Office (PRO) 4A.

Ang mga suspek ay may Warrant of Arrest na inisyu ng RTC, 4th Judicial Region, Branch 99, Antipolo City para sa dalawang (2) kasong "Murder" noong October 22, 2019.


Ayon sa panayam sa mga akusado, nagkasundo itong sumuko sa mga kapulisan ng Bicol dahil sa tiwala at kumpiyansang sila ay mapapakinggan at umaasang mabigyan ng pagkakataong marinig ang kanilang panig upang pabulaanan ang mga alegasyon laban sa kanila patungkol sa krimen.

Ipinahiwatig ni Police Brigadier General Jonnel Estomo, Regional Director ng Police Regional Office (PRO) 5 ang pasasalamat para sa tiwala at pagsuko ng mga ito sa kapulisan ng Bicol.

Binitiwan rin ni PBGen Estomo ang pangakong pagtulong para sa mabilis na pag-usad ng kaso at para maibigay ang tunay na katarungan sa mga biktima. *(Panulat ni PCpl Shiear "Kye" V. Ignacio, RPCADU 5)*

# 4 arestado ng Eastern Samar PPO sa kasong robbery hold-up










**Eastern Samar (February 20, 2022) – Arestado ang apat (4) na suspek na may kasong robbery hold-up sa isinagawang Entrapment Operation ng San Julian MPS, Canavid MPS, Taft MPS, Dolores Mps, Borongan CPS at ESPPO Provincial Intelligence Unit noong February 20, 2022 sa Eastern Samar State University Can-Avid, Eastern, Samar.**

Ayon kay PCol Matthe Aseo, Provincial Director ng Eastern Samar PPO, kinilala ang mga suspek na sina Patricio Barbo Concan Jr, 21 years old, may asawa, residente ng Brgy. Carolina, Can-Avid, Eastern Samar; Joshua Alzate Colocado, 18 years old, single, residente ng Maslog, Eastern Samar; Benito C Tejerero, 24 years old, live-in partner, residente ng Brgy. 04 Can-Avid, Eastern Samar; at Daniel Mabignay aka "Abdula", 27 years old, single, residente ng Brgy. Canteros, Can Avid Eastern Samar.

Ayon sa mga operatiba, gamit ng mga suspect ang kanilang ninakaw/karted na cellphone sa kanilang transaksyon kaya't nang sagutin ng suspek ang tawag mula sa kanila, inutusan ng operating team ang biktima na makipag-deal sa suspek para ibalik ang telepono kapalit ng Php5,000.00 kung saan pumayag naman ang mga suspek. Nagpasya ang mga suspek na makipagkita sa biktima sa paligid ng Eastern Samar State University Can Avid.

Narekober sa mga suspek ang boodle money na aabot sa Php5,000 at ang cellular phone ng biktima. Narekober din sa mga huling naarestong suspek ang dalawang (2) karagdagang cellular phone.

Nasa kustodiya na ng San Julian MPS ang lahat ng suspek at iba pang nakumpiskang ebidensya, at inihahanda na ang kasong robbery para sa pagsasampa sa korte laban sa kanila.

Patuloy na paiigtingin ng hanay ng kapulisan ang paghuli sa mga suspect na nagtatago at gumagawa ng di naaayon sa batas upang saganun ay magkaroon ng katarungan ang kanilang mga nabibiktima. *(Panulat ni Patrolwoman Rialyn B Valdez)*

## 2 sugatan matapos pagbabarilin sa Cotabato City

**Cotabato City (February 22, 2022) - Dalawa ang sugatan matapos pagbabarilin pasado alas diyes ng gabi, Pebrero 22, 2022 sa Brgy. Rosary Heights 7 at Brgy. Rosary Heights 9, Cotabato City.**

Kinilala ang mga biktima na sina Hubert Concepcion, 20 anyos, isang studyante at si Fitzgerald Patagan, 29 anyos, isang dance instructor na parehong mga residente ng nasabing lugar.

Ayon sa report, nakatayo lang ang mga biktima sa labas ng kanilang bahay ng biglang pagbabarilin ng hindi pa nakikilalang mga suspek, samantala sugatan naman ang Commander ng Police Station 2 na si PMaj Elexon Bona at mga bystander matapos magkaroon ng palitan ng putok sa panig ng mga operatiba ng PS2 at mga suspek sa kanilang isinagawang Hot Pursuit Operation.

Ayon naman sa mga saksi, ang insidente ay nag-ugat sa hindi pagbabayad ng pustang umaabot ng Php15,000 sa isang online games na Mobile Legends pero ayon kay PMaj Bona, hindi pa malinaw kung ano ang dahilan ng pamamaril.

Samantala, isa naman ang inaresto ng mga awtoridad matapos makuhanan ng hindi lisensyadong baril habang mahigit sampung katao ang nabagansya para sa beripikasyon sa nakumpiskang baril.

Inaalam na ng mga awtoridad kung ang ginamit sa pamamaril sa Brgy Rosary Heights 9 ay tugma sa nakuhang baril kay Haider Sakandal na ngayon ay nasa kustodiya na ng Police Station 2. *(Panulat ni Pat Mark Vincent Valencia)*

## Suspek at isang pulis, patay sa engkwentro sa North Cotabato

**Pikit, North Cotabato (February 19, 2022) - Nasawi ang isang pulis at ang suspek sa engkwentrong naganap habang inihahain ng mga operatiba ng Pigcawayan Municipal Police Station ang Search Warrant kay Musim Mama alyas "Takuad" sa kasong paglabag sa RA 9165 sa Barangay Gli-Gli, Pikit, North Cotabato.**

Nanlaban diumano si Takuad na naging dahilan ng pakikipagpalitan ng putok ng mga operatiba.



Ayon sa ulat at sa video footage na kuha ng camera, kitang-kita na ang mga kapulisan ay pilit na pinapaputukan ng suspek. Habang ang mga operatiba ay nakadapa sa damuhang bahagi ng naturang lugar.

Matapos ang engkwentro ay nakitang nakahandusay ang katawan ni Takuad at isang magiting na pulis ang nabawian din ng buhay mula sa Pigcawayan Municipal Police Station.

Sinubukan pang dalhin sa Cruzado Medical Hospital ang suspek pero idineklarang dead on arrival na ito.

Patuloy din ang ginagawang imbestigasyon ng mga kapulisan sa naturang insidente. *(Panulat ni Pat Sherie-ann Masi)*

# 3 CTG member, boluntaryong sumuko sa 705th MC, RMFB7




**Negros Oriental (February 21, 2022) - Sumuko ang tatlong (3) miyembro ng non-PSR (Non-Periodic Status Report) Listed CTG sa 705th Maneuver Company bago pa man isagawa ang kanilang Major Combat Operation at Simultaneous Intel Driven Law Enforcement sa Brgy. Nagbinlod, Sta. Catalina, Negros Oriental, bandang alas-4:00 ng hapon ng Pebrero 21, 2022.**

Tiniyak ng mga awtoridad na ligtas at maayos ang pagsuko ng mga nagbalik-loob na mga rebelde na pinangunahan ni Police Captain Jade Basingao ng 705th Maneuver Company katuwang ang F2, RIU7 (Intel Provider), PIU NOPPO at mga tauhan ng Sta. Catalina MPS,

Ang tatlong (3) miyembro ng Non-PSR Listed CTG na sumuko ay isang Vice-CO, isang Spokesperson at isang miyembro ng Local Guerilla Unit, SEF KR-NCBS (D) sa ilalim ni Rachelle Mae Palang.

Kasabay sa nasabing pagsuko ang kanilang pagsurrender sa isang (1) unit ng M14 rifle na walang marka at serial number. Ito ay nasa kustodiya na ngayon ng 705th MC para sa kaukulang disposisyon.

Isa na namang itong patunay na ang mga programa ng pamahalaan, na siya namang lubos na sinusuportahan ng hanay ng kapulisan ay tunay na epektibo upang matugunan at malutas ang insurhensiya sa bansa.

Kaya naman, hangad ng PNP ang patuloy at aktibong pakikiisa ng komunidad upang bigyang linaw at hikayatin ang ating mga kababayan na magbalik-loob sa pamahalaan na siyang handang magbigay ng bagong pag-asa at panimula para sa maayos at mapayapang pamumuhay. *(Panulat ni Patrolman Edmersan Llapitan)*

# Higit Php16M marijuana, sinunog ng Benguet PNP



**Kibungan, Benguet (February 23, 2022) – Dalawang marijuana plantation site ang natuklasan ng pinagsamang operasyon ng Benguet 1st Provincial Mobile Force Company (PMFC) na pinangunahan ni Police Lieutenant Arnel Abellera at ng Regional Intelligence Unit 14 sa Brgy. Tacadang, Kibungan, Benguet dakong 2:00 PM at 5:00 PM ng Pebrero 23, taong kasalukuyan.**

Natagpuan ang unang plantation site sa Sitio Camayan, Tacadang na may tinatayang 350 sqm na lupain at nakumpiska ang 55kgs na pinatuyong dahon at tangkay ng hinihinalang marijuana na nagkakahalaga ng Php6,600,000.

Samantala, natagpuan naman ang ikalawang plantation site sa Sitio Lamagan, Tacadang na may tinatayang 410 sqm na lupain at nakumpiska ang 80kgs na pinatuyong dahon at tangkay ng hinihinalang marijuana na nagkakahalaga ng Php9,600,000.

Sa kabuuan, nagkakahalaga ng Php16,200,000 ang lahat ng 135 kgs na tuyong dahon at tangkay ng marijuana na nakumpiska.

Agad din sinunog ng mga operatiba ang natuklasang marijuana sa dalawang nasabing sitio.

Tinawag na Oplan Herodotus 2 o Marijuana Eradication kaugnay sa Major Internal Security Operation ang matagumpay na isinagawang operasyon ng Benguet 1st PMFC.

Samantala, walang naitalang nahuli sa operasyon ngunit ayon sa Kibungan MPS, mas papaigtingin nila ang imbestigasyon upang mahuli at mapanagot ang mga lumabag sa batas. *(Panulat ni PSSg Amyl Cacliong)*

# Mahigit Php1.3M shabu, nakumpiska sa magkahiwalay na buy-bust operation



**Nahuli ang dalawang (2) suspect sa magkahiwalay na buy-bust operation na isinagawa ng mga operatiba ng Cebu City, PDEU at Intel Unit ng Negros Oriental noong ika-25 ng Pebrero, 2022.**

Nangyari ang unang buy-bust operation sa Cebu City pasado alas-5:30 ng gabi kung saan naaresto ng Police Station 11 - Mambaling, Cebu City Police Office, si Jaivien Gendrauli alias "Oyok," 23 taong gulang (SLI Data Base/Pusher/ Regional Level/Included in Drug Watch List), kung saan nakuha sa kanya ang mahigit-kumulang 100 grams na pinaghihinalaang shabu na nagkakahalaga ng Php680,000.

Naaresto rin sa parehong petsa si Herbert Besagar Marino, 26 taong gulang, bandang alas-8:36 ng gabi ng Police Drug Enforcement Unit at Police Intelligence Unit ng Negros Oriental Provincial Police Office. Ito ay sa direktang pangangasiwa ni Police Lieutenant Colonel Alvin Futalan, Chief, PIU, kasama ang Regional Drug Enforcement Unit 7 at Valencia Municipal Police Station.

Nakumpiska naman kay Herbert ang apat (4) na sachet ng hinihinalang shabu na may timbang na mahigit-kumulang 100 grams at tinatayang may halaga na Php680,000, buy-bust money, at isang (1) weighing scale.

Ang dalawang nasabing suspect ay kasalukuyang nasa pangangalaga na ng pulisya para sa dokumentasyon at tamang disposisyon.

Nahaharap sila sa kasong paglabag sa RA 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Patuloy din sa pag-iimbestiga ang pulisya upang matukoy ang pagkakakilanlan ng posibleng supplier at iba pang mga kasamahan ng mga naarestong suspek. *(Panulat ni Patrolman Aivan Guisadio)*

# 95 CTG members sa Bataan, nagbalik-loob sa gobyerno



**Samal, Bataan (February 25, 2022) - Nagbalik-loob sa gobyerno ang higit-kumulang 95 na miyembro ng Alyansa ng mga Magbubukid ng Gitnang Luzon (AMGL) sa Brgy. Imelda, Samal, Bataan noong ika-25 ng Pebrero, taong kasalukuyan.**

Ang pagsuko ng 95 na miyembro sa kapulisan at pagbabalik-loob sa gobyerno ay pinangunahan ni Police Colonel Romell Velasco, Provincial Director ng Bataan Provincial Police Office (PPO) at ng kaniyang mga tauhan kasama ang iba't ibang ahensiya ng gobyerno at local government units (LGUs).

Nagbigay buhay sa maikling programa ang panunumpa na tanda ng pangako sa pagtalikod sa makakaliwang grupo at pagsunog ng bandila ng Communist Party of the Philippines, New People's Army at National Democratic Front (CPP-NPA-NDF).

Ang mga kapulisan ng Gitnang Luzon ay hindi titigil sa pangangampanya laban sa insurhensiya para sa katahimikan at kaligtasan ng mga mamamayan na kanilang nasasakupan. *(Panulat ni PCpl Jeselle V Rivera, RPCADU 3)*

# Dalawang babae, tiklo sa Combat Operation ng RMFB7 sa kasong Estafa

**Bogo City, Cebu (February 21, 2022) - Tiklo ang dalawang (2) babae sa isinagawang Minor Combat/Clearing Operation (OPORD 05-2022 "LUMAD") ng Regional Mobile Force Battalion 7, Intel Operative at 701st Maneuver Company sa Brgy. Lapaz, Bogo City, Cebu, bandang 9:00 ng umaga ng Pebrero 21,2022.**

Kasama ng RMFB 7 ang Bogo City Police Station, at San Remigio Police Station sa ikinasang operasyon na pinangunahan ni PCpt Gerald Casalme at pinamunuan ni PLtCol Ronan Claravall, Force Commander.

Kinilala ang mga suspek na sina Ma. Lourdes Catadman, 40 taong gulang at residente ng Brgy. Lapaz, Bogo City, Cebu, at si Junelyn Ababa, 41 taong gulang na residente naman ng Purok Kulo, Brgy. Looc sa nasabing lungsod.

Si Catadman ay matatandaang unang nasangkot sa kasong Estafa na ngayo'y nahaharap sa kasong two counts of Estafa. Si Ababa naman ay pangatlong beses ng nasangkot sa parehong kaso at ngayo'y nahaharap din sa kasong three counts of Estafa.

Inaresto ang mga suspek sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu ng MTCC Bogo City, Cebu na may Criminal Case no. 9436-9437 at case no. 10448-10450 na nilagdaan ni Hon. Dante P Manreal, Presiding Judge na may piyansang nagkakahalaga ng Php 30, 000.

Ang mga suspek ay kasalukuyang nasa kustodiya ng 701st Maneuver Company para sa dokumentasyon at tamang disposisyon.

Ang panloloko at pang-aabuso ng tiwala sa kapwa mo tao ay "grounds" sa kasong Estafa. Samantala, patuloy na nagsasagawa ang Pambansang Pulisya ng mahigpit na kampanya laban sa ganitong uri ng krimen upang magkaroon ng payapa at maunlad na pamumuhay ang bawat isa. *(Panulat ni Patrolwoman Darice Anne Regis)*

# Top 3 MWP ng Parañaque City at Top 6 ng SPD, arestado sa Pangasinan




**Bayambang, Pangasinan (February 19, 2022) - Arestado ang Top 3 Most Wanted Person (MWP) ng Parañaque City at Top 6 ng Southern Police District (SPD) District Level sa Barangay Sancagulis, Bayambang, Pangasinan noong Pebrero 19, 2022.**

Pinangunahan ng Bayambang Police Station (PS) ang operasyon sa direktang pangangasiwa ng kanilang Officer-In-Charge na si Police Lieutenant Colonel Jim Helario at katulong ang mga tauhan ng Parañaque City Police Station (PS).

Ang naarestong suspek ay kinilala na si Garry "Remy" Galias y Balat, 41 taong gulang, may-asawa, construction worker at residente ng Barangay Sancagulis, Bayambang, Pangasinan.

Naaresto ang nasabing suspek sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Murder na inilabas ni Hon. Rolando G. How, Presiding Judge ng RTC Branch 275 Parañaque City, noong Nobyembre 30, 2019 at walang rekomendadong piyansa.

Ang suspek ay binigyan ng atensyong medikal at kasalukuyang nasa kustodiya ng Bayambang PS para sa tamang dokumentasyon bago iturn-over sa Parañaque City PS para sa mas masusing imbestigasyon. *(Panulat ni PSSg Vanessa A Natividad, RPCADU1)*

# High Value Target, patay sa buy-bust operation sa Zamboanga City

**Caragasan, Zamboanga City (February 25, 2022) - Nagsagawa ng buy-bust operation ang Zamboanga PNP sa Caragasan, Zamboanga City noong Pebrero 25, 2022 na nagresulta sa pagkamatay ng isang suspek.**

Kinilala ang suspek na si Puruti J Taraji aka "Bossing", drug listed bilang High Value Individual, at residente ng Brgy. Laum, Maimbung, Sulu.

Ang operasyon ay pinangunahan ng mga tauhan ng Special Operations Unit 9, PNP Drug Enforcement Group, City Drug Enforcement Unit, Zamboanga City Police Station 8, 2nd Zamboanga City Mobile Force Company, Criminal Investigation and Detention Group Zamboanga City Force Unit, Zamboanga City Police Provincial Office, Regional Intelligence Unit 9, City Investigation Unit 9, 904th Mobile Company, Regional Force Mobile Battalion 9, Technical Support Company Regional Force Mobile Battalion 9, Area Police Command, at 211C Maritime Battalion Landing Team 11.

Ang transaksyon ay isinagawa ni Pat Ronevil P Batal sa nasabing target. Nang matapos ang transaksyon ay aarestuhin na sana ang nasabing subject. Subalit, agad pinaputukan ng suspek si Pat Batal kung saan nadaplisan ng bala ang kanyang kanang bahagi ng ulo, na nag-udyok sa iba pang mga operatiba na magpaputok sa nasabing suspek. Habang ang dalawang (2) suspek na nakasakay sa motorized pump boat ay pinapaputukan din ang mga operating unit at tumakas patungo sa hindi malamang direksyon ng baybayin ng Caragasan, Zamboanga City.

Ang mga nasamsam na ebidensya tulad ng apat (4) na piraso ng Green Tea na naglalaman ng pinaghihinalaang shabu na tumitimbang ng humigit kumulang apat (4) na kilo na may Standard Drug Price na Php27,200,000, isang (1) calibre 9mm pistol, isang (1) bundle ng boodle money na nagkahalaga ng Php4,000,000 bilang buy-bust money at iba pang drug parapernalya.

Lahat ng ebidensya ay dinala sa SOCO sa Zamboanga City Forensic Unit 9 para sa kaukulang disposisyon. Habang si Pat Batal ay isinugod sa Brent Hospital, Zamboanga City upang magamot at sa kasalukuyan ay nasa maganda ng kalagayan.

Hindi naman titigil ang Zamboanga PNP at mas lalo pang paiigtingin ang kampanya laban sa ilegal na droga sa kanilang nasasakupan. *(Panulat ni Patrolman Monching De Leon)*

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No. 08 * Pebrero 19 - 25, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# Bahay na nasusunog, agad na nirespondehan ng Davao de Oro PNP



**Davao de Oro (February 21, 2022) - Mabilis na rumesponde ang mga tauhan ng Revitalized-Pulis sa Barangay Cluster 11 sa isang nasusunog na bahay sa Davao de Oro noong Pebrero 21, 2022.**

Matapos matanggap ng R-PSB Cluster 11 sa pamumuno ni PLt Jeanette Pagulong, Team Leader ang report mula sa Municipal Fire Station, ay kaagad na tinungo ng grupo ang nasabing bahay upang apulahin ang sunog at ang pagkalat ng apoy sa mga katabing kabahayan nito kasama ang mga tauhan ng Bureau of Fire Protection (BFP).

Sinasabing ang sunog ay dahil sa napaglaruang posporo ng tatlong (3) taong gulang na anak ni Ginang Jenifer Lascuña. Sa kabila nito, malaki ang kanyang naging pasasalamat sa tulong ng R-PSB at BFP.

Ang pagkakaroon ng R-PSB sa bawat komunidad ay malaking tulong dahil sa kanilang agarang aksyon sa mga katulad na insidente at pangyayari. Sila ay palagi ring handang tumulong hindi lamang sa pagpapatupad ng batas kundi pati na sa mga residente ng Barangay sa pamamagitan ng iba't ibang programa at aktibidad na katuwang ang pamahalaan. *(Panulat ni Patrolman Preal Cris S Edosma)*

# Kuyang may kapansanan sa Antequera, Bohol, tinulungan ng kapulisan



**Antequera, Bohol (February 21, 2022) - Malugod na ipinaabot ng kapulisan ng Antequera Police Station ang tulong sa may kapansanan na residente ng Antequera, Bohol noong umaga ng Pebrero 21, 2022.**

Ang benipisyaryo ng programa ay si Isagani Magbanua, na residente ng Brgy. Bungahan, Antequera, Bohol. Lubos naman ang kanyang tuwa at pasasalamat ng matanggap ang bigas at grocery na handog ng Antequera PS.

Pinangunahan ng PCR PNCOs na sina PSMS Helena E Guitones at PCpl Gleenefer C Arais sa direktang pangangasiwa ni PLt Johnrey Cutin Digao, Acting Chief of Police ang pagbigay ng munting handog kay Isagani.

Ang naging hakbangin na ito ng kapulisan ng Antiquera ay alinsunod sa isa sa mga programa na inilunsad ng nasabing istasyon, ang "Operasyon Tabang sa Antequera Pulis (OTAP)" at ng PNP program na "PNP`s Adopt a Family" at ang "Kapwa Ko, Sagot Ko", na kung saan, layunin nito na makapagbigay ng tulong sa ating mga mahihirap na kababayan. *(Panulat ni Patrolman Edmersan Llapitan)*

# Lalaking nakuryente, iniligtas ng 3 pulis ng Naga City



**Panicuason, Naga City (February 21, 2022) - Nailigtas ng tatlong (3) pulis ng Naga City ang isang (1) lalaki na nakuryente sa Barangay Panicuason, Naga City noong Pebrero 21, 2022.**

Ayon sa ulat, nagpapatrolya ang mga pulis sa Quarantine Control Point sa Barangay Carolina, Naga City nang may isang (1) concerned citizen ang nagreport na may isang (1) lalaking nakuryente habang inaayos ang scrap na yero ng bubong ng kanyang bahay na dumikit sa live wire.

Agad na pinuntahan ng mga pulis ang lugar ng insidente at doon nadatnan nilang nakahandusay ang biktima na si Ginoong Ronald Torado, 32 anyos at residente ng Barangay Panicuason, Naga City.

Agad ding isinugod si Ginoong Torado sa pinakamalapit na pagamutan para sa agarang lunas.

Kinilala ang mga rumespondeng pulis na sina Patrolman Nikko Rei Lobrino, Patrolwoman Kristel Betino at Patrolman Herson Laig na pawang mga miyembro ng 2nd Maneuver Platoon Naga City Mobile Force Company sa ilalim ng pamumuno ni Police Lieutenant Colonel Rommel Labarro.

Ito ay patunay lamang na ang ating kapulisan ay maaasahan sa anumang oras upang makapagbigay ng serbisyo sa ating mga kababayan. *(Panulat ni Patrolman Adrian L Dayao, RPCADU 5)*

# Pitaka ng Fish Vendor, ibinalik ng isang pulis

**Sinait, Ilocos Sur (February 20, 2022) – Naibalik ng pulis ang pitaka ng isang (1) fish vendor na napulot niya sa kalsada ng Brgy. Pug-os, Sinait, Ilocos Sur noong Pebrero 20, 2022.**

Ayon sa ulat, nagsagawa ng foot patrol ang mga kapulisan ng Cabugao Municipal Police Station (MPS) para mapanatili ang kaayusan at katahimikan ng barangay nang mapansin ni Police Staff Sergeant (PSSg) Bonifacio Salem ang isang pitaka na nasa tabi ng kalsada at naglalaman ng Php16,000 at COMELEC ID ng may-ari.

Agad namang hinanap ni PSSg Salem ang may-ari ng pitaka na si Ginoong Nelson Yadao, isang magtitinda ng isda.

Halos maluha sa kagalakan si G. Yadao dahil pulis ang nakapulot at naibalik sa kanya ang pinaghirapang puhunan.

Isa sa pagtulong ng mga kapulisan sa mga mamamayan ay ang pagsauli ng mga bagay na nawala sa kanila lalo na kung ang nawala ay pangkabuhayan nila. *(Panulat ni PSSg Carmela Danguecan /RPCADU1)*

